

## **Ang Bagong Sistema ng mga Karapatang Pantao ng Ontario**

### **Paano Maipagtatanggol ang Iyong Mga Karapatan sa Pabahay**

#### **Ang Code ng mga Karapatang Pantao ng Ontario (Ontario's Human Rights Code)**

Ang *Human Rights Code* ang nagtatakda ng mga karapatan ng lahat sa Ontario. Sinasabi nito na lahat tayo ay may karapatan na maging libre mula sa diskriminasyon.

Ang *Code* ay nagpoprotekta sa iyo mula sa diskriminasyon sa ilang mga lugar, kasama na:

- Ang Lugar ng iyong pinagtatrabahuhan
- Mga pampublikong lugar na tulad ng mga restawran at mga sinehan
- Kapag naghahanap ng trabaho
- Kapag naghahanap ng isang apartment
- Kapag nakikipagtrato sa iyong kasero
- Kapag gumagamit ng mga serbisyo ng pamahalaan na tulad ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan at edukasyon

**Ang Diskriminasyon ay hindi kinakailangang maging intensyonal.** Ikaw ay maaring diskriminahan ng isang tao nang hindi niyo nalalaman.

**Ang Diskriminasyon ay maaring gumamit ng maraming mga paraan.** Laban sa batas para sa isang kasero, maypatrabaho, o tagabigay-serbisyo na ikaw ay tratuhin ng hindi makatarungan, pagkaitan ka ng isang benepisyo, o kaya ay desbentahin ka dahil sa iyong:

- Edad
- Pagkamamamayan o lugar ng pinagmulan
- Pagkakasal o estado ng pamilya
- Sex, kasarian, o seksuwal na oryentasyon
- Kapansanan
- Relihiyon
- Lahi, kulay, etnisidad, o ninuno
- Pagtanggap ng pangmadlang tulong (pabahay lamang)
- Rekord ng mga pagkakasala (sa trabaho lamang)

#### **Mga Halimbawa ng Diskriminasyon sa Pabahay**

Edad: ang isang kasero ay tumanggi na magparenta sa iyo dahil sa ikaw ay isang estudyante at siya ay nag-aalala na ang mga estudyante ay magiging maingay.

Pagkamamamayan o Lugar ng Pinagmulan: ang isang kasero ay may iba't-ibang mga hinihingi sa iyo para sa aplikasyon dahil ikaw ay isang bagong imigrante. Halimbawa, hinihingan ka niya ng isang kasamang pipirma.

Estado ng Pamilya: ang isang apartment ay nakaanunsiyo bilang isang “para sa mga adulto lamang”. Ito ay nagdidiskrimina sa mga taong may mga maliliit na batang anak.

Estado ng Pagkakasal: Ikaw ay isang babae na kadiborsiyo lamang at ikaw ay tinanggihan ng isang kasero dahil ikaw ay walang kasaysayan sa kredito.

Sex o Kasarian: ikaw ay tinanggihang bigyan ng aplikasyon para sa pangungupahan ng isang kasero dahil sa ikaw ay buntis.

Kapansanan: tumanggi ang isang kasero na makibagay sa iyong pisikal o pangkaisipang kapansanan. Halimbawa, siya ay tumatanggi na maglagay ng kasangkapang pangabit sa banyo na kinakailangan mo dahil sa ikaw ay nasa upuang de gulong (wheelchair).

Tumatanggap ng Pangmadlang Tulong: ang isang kasero ay nagpaanunsiyo na mas gusto niya ang “nagtatrabahaong tao.” Mayroon din siyang kakaibang mga hinihingi sa aplikasyon para sa mga taong nasa sosyal na tulong (social assistance), kagaya ng paghingi ng direktang bayad o isang kasamang pipirma.

### **Ang Bagong Sistema ng Karapatang Pantao**

Simula noong Hunyo 30, 2008, ang mga naninirahan sa Ontario ay may bagong paraan ng paghahamon sa diskriminasyon. May tatlong mga bahagi sa bagong sistemang ito:

### **Ang Husgado para sa Karapatang Pantao ng Ontario (Human Rights Tribunal of Ontario)**

Kung sa iyong paniniwala ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon, maari kang magharap ng aplikasyon ng direkta sa Husgado para sa Karapatang Pantao ng Ontario (Human Rights Tribunal of Ontario). Para humingi ng mga form o tumanggap ng higit na impormasyon, makipag-ugnay sa Husgado (Tribunal):

**Tel: 416-314-1312**

**Libreng-Tawag: 1-866-598-0322**

**[www.hrto.on.ca](http://www.hrto.on.ca)**

### **Sentro ng Legal na na Tulong Para sa mga Karapatang Pantao (Human Rights Legal Support Centre)**

Ang isang pampublikong pinopondohan na Sentro ng Legal na Tulong para sa mga Karapatang Pantao ay ginawa para magbigay ng libreng legal na tulong sa mga taong nagnanais na magharap ng isang aplikasyon sa Tribunal. Para sa libreng legal na tulong makipag-ugnay sa Sentro:

**Tel: 416-314-6266**

**Libreng-Tawag: 1-866-625-5179**

**[www.hrlsc.on.ca](http://www.hrlsc.on.ca)**

### **Ang Komisyon ng mga Karapatang Pantao ng Ontario (Ontario Human Rights Commission)**

Ang Komisyon ng mga Karapatang Pantao ng Ontario (Ontario Human Rights Commission) ay magtataguyod ng mga karapatang pantao sa pamamagitan ng pananaliksik, pangmadlang edukasyon at pangkalahatang pagtatanggol sa mga karapatang pantao. Kumontak sa:

**Tel: 416-326-9511**

**Libreng tawag 1-800 387-9080**

**[www.ohrc.on.ca](http://www.ohrc.on.ca)**

## **Ang Bagong Proseso ng Pag-aaplay**

Ang Tribunal ay gumawa ng bagong mga patakaran para tulungan ang mga tao na naniniwalang sila ay nalapastangan.

### Yugto 1: Paghaharap ng Aplikasyon

Maari kang magharap ng isang aplikasyon **nang hanggang sa isang taon** matapos na ikaw ay makaranas ng diskriminasyon.

Maari mo ring hingiin sa isang organisasyon na magharap ng isang aplikasyon para sa iyong kapakanan.

Ang iyong aplikasyon ay kailangang maglarawan ng iyong karanasan sa iyong sariling mga salita.

Ang iyong aplikasyon ay kailangang magsama ng reperiensya sa anumang mga dokumento na nagpapakita ng diskriminasyon, pati na ang mga posibleng mga testigo.

### Yugto 2: Ang Sagot

Ang tao o kumpanya na nagdiskrimina laban sa iyo ay maaring sumagot sa kanilang sariling mga salita.

### Yugto 3: Ang Husgado ng mga Karapatang Pantao (Human Rights Tribunal)

Ang Tribunal ay tutulong sa iyo na gumawa ng **solusyon** sa diskriminasyon.

Ito ay magbibigay sa iyo ng mga opsyon ng **pamamagitan**. Ang isang eksperto sa mga karapatang pantao ay maaring makatulong sa iyo na gumawa ng isang kasunduan sa kasero o maypatrabaho.

Maari nitong hingiin na ikaw ay dumalo sa isang **paglilitis** para ipaliwanag ang iyong mga karanasan.

### Yugto 4: Ang desisyon ng Tribunal

Kung ang pamamagitan ay hindi maging matagumpay, magkakaroon ng isang paglilitis. Bilang resulta ng pamamagitan o kaya ay ng isang paglilitis, kung magpasya ang Tribunal na ang iyong mga karapatan ay nalapastangan, maari kang makakuha ng:

Salapi na magbabayad sa iyo para sa iyong naranasang diskriminasyon.

Salapi para sa “ispesyal na mga kapinsalaan” para sa mga pera mong nawala, katulad ng hindi makatarungang pagtataas ng renta

Isang kautusan mula sa Tribunal na ang kasero ay kinakailangang magbuo ng isang pagsasanay laban sa diskriminasyon

Isang kautusan mula sa Tribunal na magsisiguro na ang taong nagdiskrimina ay hindi na lalabag sa batas sa hinaharap.

### Pinansiyal na Kabayaran

Ginagawa ring posible ng bagong sistema na makakuha ng **mas malaking pinansiyal na kabayaran** kaysa sa dati.

## Gaano Katagal Umaabot ang Proseso?

Ito ay maaring umabot ng **kulang sa isang taon** para sa Tribunal na makapagpasya sa iyong kaso. Gayon pa man, maari mo itong malutas nang mas mabilis sa paraan ng pamamagitan.

## **Ang CERA at ang HRLSC ay maaring makatulong.**

Kung sa iyong palagay ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon na nauukol sa **paghahanap o pagpapanatili ng tirahan**, ang Sentro para sa Pagkakapantay-pantay ng mga Karapatan sa Tirahan [Centre for Equality Rights in Accommodation (CERA)] ay maaring makatulong. Ang HRLSC ay maaring makatulong sa lahat ng mga bagay na nauukol sa mga karapatang pantao.

Ang CERA ay maaring:

- Sumagot sa mga tanong na nauukol sa iyong legal na mga karapatan at talakayin ang iyong mga opsyon
- Magbigay sa iyo ng mga materyales na pang-edukasyon
- Makipag-usap sa kasero tungkol sa iyong mga alalahanin at subukang makipag-ayos ng isang solusyon
- Tumulong sa iyo na magharap ng isang aplikasyon sa Husgado ng mga Karapatang Pantao ng Ontario (Human Rights Tribunal of Ontario).

**1-800-263-1139 ext. 22**

**ANG LAHAT NG AMING MGA SERBISYO AY LIBRE**

**Ito ay iyong tahanan.**

**Tumayo para sa**

**Iyong mga karapatan!**

**Ito lamang ang tanging paraan para mapigilan ang diskriminasyon.**

*Ang Sentro para sa Pagkakapantay-pantay ng mga Karapatan sa Tirahan (Centre for Equality Rights in Accommodation) ay itinatag noong 1987. Ito ay isang hindi pampamahalaang organisasyon ng pagkakawang-gawa na nagtataguyod ng mga karapatang pantao sa pabahay.*

*Ang Sentro ng Legal na Tulong para sa mga Karapatang Pantao (The Human Rights Legal Support Centre) ay nagbukas noong Hunyo 30, 2008 para magbigay ng libreng mga serbisyong nauukol sa batas sa buong Ontario para sa mga taong naghaharap ng mga aplikasyon para sa mga karapatang pantao sa Husgado ng mga Karapatang Pantao ng Ontario (Ontario Human Rights Tribunal).*

**Human Rights Legal Support Centre**

**400 University Avenue, 7th Floor**

**Toronto Ontario M7A 1X8**

**1-866-625-5179**

**Sa Toronto: 416-314-6266**

**TTY 416-314-6651**

**TTY libreng tawag 1-866-612-8627**

**Centre for Equality Rights in Accommodation**

**Opisina sa Toronto:**

**340 College Street**

**Unit 101A, Box 23**

**Toronto, Ontario M5T 3A9**

**Telepono: 416-944-0087**

**Libreng Tawag: 1-800-263-1139**

**Opisina sa Ottawa:  
200 Maclaren Street, 2nd floor  
Ottawa, Ontario  
K2P 0L6**

**Fax: 416-944-1803  
E-mail: [cera@equalityrights.org](mailto:cera@equalityrights.org)  
Website: [www.equalityrights.org](http://www.equalityrights.org)**